# Suplay ng gasolina

Ang suplay ng gasolina sa Victoria ay nananatiling matatag at may sapat na gasolina para matugunan ang normal na pangangailangan.

Maaaring magkaroon ng pansamantalang pagkaantala sa ilang lugar dahil sa tumaas na demand o pressure sa supply chain. Aktibong sinusubaybayan ng gobyerno at industriya ang sitwasyon.

## Ang dapat mong gawin

- Bumili lamang ng gasolina na karaniwang kailangan mo.
- Magplano nang maaga at magpa-gasolina bago ang mahahabang biyahe, lalo na kung umaasa ka sa gasolina para sa trabaho o mahahalagang paglalakbay.
- Bisitahin ang pahinang ito para sa mga update kung magbago ang mga sitwasyon.

## Paano makakatulong ang mga taga-Victoria

Alam naming marami ang nag-aalala tungkol sa presyo at availability ng gasolina. Ang mga simpleng hakbang ay makakatulong upang matiyak na mananatiling available ang gasolina para sa lahat.

## Magplano nang maaga

- Bumili lamang ng kailangan mo, para walang mawalan.
- Magpa-gasolina bago umalis, lalo na kung umaasa ka sa gasolina para sa trabaho, paaralan, o paglalakbay.

## Suriin ang mga presyo bago magbiyahe

- Gamitin ang Servo Saver sa Service Victoria app para malaman ang presyo ng gasolina na malapit sa iyo.
- Makikita mo kung saan pinakamura ang gasolina at makakapagplano ka kung kailan magpapa-gasolina.

## Maging magalang sa gasolinahan

- Ginagawa ng mga tauhan sa gasolinahan ang kanilang makakaya sa panahong ito na abala at nakaka-stress.
- Mangyaring tratuhin ang mga manggagawa sa gasolinahan nang may pasensya at respeto, gaya ng gusto mong pagtrato sa iyo sa lugar ng trabaho mo.

## Maging ligtas sa paghawak at pag-imbak ng gasolina

Kung kailangan mong humawak, maglipat, o mag-imbak ng gasolina, mahalagang gawin mo ito nang ligtas. Ang hindi ligtas na paghawak, paglipat, o pag-imbak ay maaaring lumikha ng malubhang panganib sa kaligtasan.

Bisitahin ang 'safe handling and storage of fuel' para sa karagdagang impormasyon.

## Suportang nakalaan

Nagpakilala ang Gobyerno ng Australya ng isang coordinated package ng panandaliang- tulong upang matulungan ang mga sambahayan, operator ng transportasyon, at mga negosyo na pamahalaan ang pressure sa gastos sa gasolina at mga pandaigdigang pagkaantala. Kabilang dito ang:

- Ang pansamantalang pagbawas sa fuel excise na nagbibigay ng matitipid na hanggang 32 sentimo bawat litro
- Tulong para sa mga freight operator sa pamamagitan ng binawasang Heavy Vehicle Road User Charge
- Pagsubaybay ng ACCC upang matiyak na maipapasa ang mga matitipid.
- Ang karagdagang suporta ay kinabibilangan ng pinabilis na concessional finance upang patatagin ang mga negosyo at target na tulong sa buwis at pagpapautang upang matulungan ang mga maliliit na negosyo na pamahalaan ang cash flow sa panahong ito.

## Karagdagang impormasyon

- Ang Gobyerno ng Australya ay hindi nagpatupad ng anumang paghihigpit sa paggamit ng petrolyo, diesel, o jet fuel.
- Dahil sa tumataas na presyo ng petrolyo at diesel, ang pagbabawas sa paggamit ng gasolina ay maaaring mas mura para sa ilang konsyumer. Ang paggamit ng alternatibong transportasyon, gaya ng pampublikong transportasyon, carpooling, pagbibisikleta o paglalakad, o pagtatrabaho mula sa bahay ay makakatipid para sa mga sambahayan.
- Nauunawaan namin na para sa ilang tao, lalo na sa mga rehiyonal at malalayong lugar, para sa mga sektor ng agrikultura at transportasyon o para sa mga essential worker, ang pagpapanatili ng iyong karaniwang paggamit ng petrolyo at diesel ay kritikal. Patuloy na nakikipagtulungan ang Gobyerno ng Australya sa industriya upang matiyak na makakarating ang gasolina kung saan ito kinakailangan.
- Anumang krimen o isyu sa public order na may kaugnayan sa suplay ng gasolina ay dapat isumbong sa Victoria Police sa 000.
- Hinihikayat ang mga taga-Victoria na gumamit ng pampublikong transportasyon hangga't maaari upang makatipid ng gasolina para sa mga rehiyon.

Para manatiling updated sa suplay ng gasolina, bisitahin ang vic.gov.au/fuel-supply.